



Impormasyon ng Magulang sa Edukasyon sa Buhay Pamilya Ika-9 - Ika-10 Baitang

“Nagbibigay ang mga pamantayan ng Virginia para sa edukasyon sa buhay pamilya ng komprehensibo, sunud-sunod na kurikulum ng K-12. Kasama sa mga ito ang pagtuturong naaangkop sa edad sa pamumuhay ng pamilya at mga relasyon sa komunidad, edukasyon sa pag-iwas, ang halaga ng pagpapaliban sa sekswal na aktibidad, sekswalidad ng tao at pagpaparami ng tao. Idinisenyo ang pagtuturo para isulong ang pakikilahok ng magulang, pagyamanin ang mga positibong konsepto sa sarili at magbigay ng mga mekanismo para makayanan ang panggigipit ng mga kasamahan at ang mga stress ng modernong pamumuhay ayon sa mga yugto ng pag-unlad at kakayahan ng mga mag-aaral.”

(<https://www.doe.virginia.gov/teaching-learning-assessment/instruction/family-life-education>)

Inaprobahan at sinusuri ng Lupon ng Tagapayo sa Kalusugan ng Paaralan para sa Hampton City Schools ang lahat ng materyales sa pagtuturo na ginagamit sa edukasyon sa buhay pamilya. May karapatan ang mga magulang at tagapangalaga na suriin ang programang Edukasyon sa Buhay Pamilya na inaalok ng kanilang dibisyon ng paaralan, kasama ang lahat ng nakasulat at pandagdag na materyales na ginagamit sa programa.

Mga paraan para masuri ang mga materyales:

- Matatagpuan ang buod ng mga paksa at aralin sa [website](#) ng Edukasyon sa Kalusugan at Kagalingan, sa ilalim ng tab na Edukasyon sa Buhay Pamilya.
- Maaaring tingnan ng mga magulang ang mga materyales sa pagtuturo online sa **Parent Square**, sa pamamagitan lamang ng pag-log in at pag-click sa Resources Link (Link ng Mga Mapagkukunan).
- Inilalagay ang kompletong hard copy ng lahat ng naka-print na materyales at paglalarawan ng lahat ng audio-visual na materyales sa media center ng paaralan o sa vault ng pangunahing tanggapan, at ginawang available para sa pagsusuri sa sinumang magulang o tagapangalaga sa oras ng tanggapan ng paaralan bago at sa panahon ng taon ng pag-aaral sa pamamagitan ng appointment. Para masuri ang mga materyales, mangyaring makipag-ugnayan sa guro ng kalusugan at kagalingan ng iyong anak.

Maaaring i-opt out ng mga magulang ang kanilang anak sa pagtuturo sa buhay pamilya. ***Kung ayaw mong lumahok ang iyong anak sa Buhay Pamilya, mangyaring magsumite ng liham sa guro ng iyong anak bago ang simula ng pagtuturo (tingnan ang petsa ng pagtuturo sa ibaba).*** Mangyaring isama ang buong pangalan, baitang, at pangalan ng paaralan ng iyong anak sa liham. Para sa mga batang mag-o-opt out, magsasaayos ang guro ng mga alternatibong aralin kapalit ng mga aralin sa Edukasyon sa Buhay Pamilya. Kung gusto mong makatanggap ang iyong anak ng pagtuturo sa Edukasyon sa Buhay Pamilya, walang kang kinakailangang gawin sa iyong bahagi.

Kung gusto mong suriin ang mga pamantayan ng pag-aaral para sa Edukasyon sa Buhay Pamilya, matatagpuan ang kopya ng mga pamantayan ng pag-aaral: [DITO](#). Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa anumang aspeto ng aming Programang Buhay Pamilya sa Hampton City Schools, mangyaring huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa tanggapan ng Edukasyon sa Kalusugan at Kagalingan.

Mga Paksang Itinuro sa Edukasyon sa Buhay Pamilya ayon sa baitang.

Ika-Siyam na Baitang:

- FLE 9.1 Paglago at Pag-unlad ng Tao
- FLE 9.4 Proseso ng Paggawa ng Desisyon
- FLE 9.5 Karahasan sa Pakikipag-date at Mga Katangian ng Mapang-abusong Relasyon
- FLE 9.6 Pag-iwas
- FLE 9.7 Sekswal na Pag-atake/Panggagahasa/Karahasan sa Pakikipag-date
- FLE 9.9 Pagpaparami ng Tao
- FLE 9.10 Mga Isyu sa Kalusugan/Pagsusuri sa Sarili
- FLE 9.11 Pag-iwas sa Pagbubuntis
- FLE 9.12 Sakit na Nakukuha sa Pakikipagtalik/HIV/AIDS

Ika-Sampung Baitang:

- FLE 10.2 Mga Interpersonal na Relasyon
- FLE 10.3 Pahintulot, Paggalang sa karapatan ng tao na magsabi ng HINDI.
- FLE 10. Proseso ng Paggawa ng Desisyon
- FLE 10.5 Mga benepisyo ng pag-iwas; epekto ng mga STI
- FLE 10.7 Karahasan sa Pakikipag-date, Mapang-abusong relasyon, pangangalagalak na tao

Magaganap ang pagtuturo sa Buhay Pamilya sa _____.

Hindi nandiskrimina ang HCS batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, kapansanan, edad o iba pang protektadong klase sa mga programa at aktibidad nito at nagbibigay ng pantay na access sa Boy Scouts at iba pang itinalagang grupo ng kabataan. Itinalaga ang sumusunod na tao para pangasiwaan ang mga tanong tungkol sa mga patakaran sa hindi pandidiskrimina: Robbin G. Ruth, Executive Director, Human Resources, One Franklin Street, Hampton, VA 23669 757-727-2000.

Binago noong 03/2023